

***Ikaw ba ay naatasang gumawa ng  
isang bagay sa iyong  
pinagtatrabahuhan na maaari ka o  
ang iyong katrabahong mapahamak  
o masaktan?***

Narito ang dapat gawin ►



## **Ikaw ay may karapatang TUMANGGI sa mapanganib na trabaho\* nang hindi napapahamak o naparurusahan.**

- ▶ **Makipag-usap sa mga katrabaho.** Ibahagi ang iyong pagkabahala at ang pagnanais na magpahayag ng iyong karapatan sa pagtanggì. (Ang maraming boses ay mas maigi kaysa isa.)
- ▶ **Kausapin ang may-ari ng pagawaan o supervisor.** Ipaliwanag ang panganib o hazard. Sabihin sa kanila na nais mong ipahayag ang iyong karapatan sa pagtanggì sa gawain dahil sa iyong palagay, ito ay mapanganib sa iyo o sa mga katrabaho.

\* Kabilang rito ang peligro sa mga kasangkapan, kagamitan, kundisyon sa lugar na pinagtatrabahuhan o karahasan.



- ▶ Ang may-ari ng pagawaan ay **dapat** mag-imbestiga. Ito ay dapat nilang gawin nang ikaw ay kasama maging ang inyong kinatawan ng mga manggagawa sa mga usaping pangkalusugan at pangkaligtasan\*.
- ▶ Ang may-ari ng pagawaan ay maaring ayusin ang panganib o kaya naman ay pwede silang sumalungat sa iyo at sabihing walang peligro.
- ▶ Kung ikaw ay nakatitiyak at may **makatwirang batayan** na ito pa rin ay mapanganib, pwede mo uling ipahayag ang iyong **karapatan sa pagtangga**.

\* Ito ay ang manggagawang kinatawan ng kalusugan at kaligtasan, miyembro ng lupon ng kalusugan at kaligtasan o taong pinili ng mga manggagawa.

- ▶ Kapag ito ay iyong ginawa, ikaw o ang iyong pinagtatrabahuhan ay dapat tumawag sa Ministry of Labour, Training and Skills Development: Toll-free: **1-877-202-0008**. Pindutin ang numero 1 sa telepono para sa mga Pagtangga sa Trabaho. Kapag nakausap ang ahente, magtanong kung may taong nagsasalita ng iyong lenggwahe.
- ▶ Maaring ipagawa sa iba ang iyong trabaho kung ipinaalam sa kanila ang dahilan ng iyong pagtangga. Dapat itong gawin kasama ang kinatawan ng mga manggagawa sa kalusugan at kaligtasan o taong pinili ng mga manggagawa na haharap sa isyung pangkalusugan at pangkaligtasan.
- ▶ Matapos ang pag-iimbestiga, dapat magbigay ng **hatol** ang tagasuri **sa pamamagitan ng pagsulat** ng walang pagkaantala. Dapat bigyan ka nila ng **kopya**, pati ang iyong pinagtatrabahuhan at ang sinumang kinatawan ng mga manggagawa habang imbestigasyon.  
***Siguraduhing may sarili kang kopya.***

## *kasunod...*

- ▶ **Kapag ang tagasuri ay sumang-ayon sa iyo**, dapat ayusin ng may-ari ng pagawaan ang panganib sa itinakdang araw o deadline. Kung hindi, dapat kang bumalik sa pagtatrabaho.
- ▶ Kapag di ka sumang-ayon, pwede kang **mag-apela**. Humingi ng tulong sa **legal aid clinic** (1-800-668-8258) at magtanong kung may nagsasalita ng iyong lenggwahe.
- ▶ **Hindi ka dapat** parusahan sa anumang paraan ng iyong pinagtatrabahuhan dahil sa iyong pagtangga. Kapag ito ay kanilang ginawa, makipag-ugnayan sa amin o sa legal aid.



Manatili sa **ligtas na lugar** habang oras ng pagtatrabaho hanggang sa ang tagasuri ay magbigay ng kanilang hatol; maaari kang gumawa ng ibang trabaho.

Dapat kang mabayaran sa iyong oras sa iyong kadalasang bayad o usual rate.



Para sa karagdagang impormasyon sa pagtangi sa mapanganib na trabaho, kontak ang:

### **Local Legal Aid Clinic**

Hanapin ang pinakamalapit sa iyo:

**1-800-668-8258**

Magtanong kung may nagsasalita ng iyong lenggwahe.

[www.legalaid.on.ca/legal-clinics/](http://www.legalaid.on.ca/legal-clinics/)

---

Makatutulong rin ang mga  
**Community Group:**

---

---

---

## **Occupational Health Clinics for Ontario Workers (OHCOW)**

Text, WhatsApp o Tumawag sa:

**1-289-684-2821**



Sundan kami sa Facebook

**ohcow ag-program**

Mag-eMail sa: [mfw@ohcow.on.ca](mailto:mfw@ohcow.on.ca)

[www.ohcow.on.ca](http://www.ohcow.on.ca)